Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN (ANNEX), IKA-LIMANG PALAPAG NG BAGONG GUSALI NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS NOONG IKA-24 NG MAYO, 2021.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

ANG LAHAT AY NAKADALO:

---

**KAPASYAHANG PANLUNGSOD BLG. 110-2021**

**ISANG KAPASYAHANG PANLUNGSOD NA NAGPAPAABOT NG PINAKAMARINGAL NA PAGBATI SA PAMUNUAN NG FEDERATION OF TRICYCLE OPERATORS AND DRIVERS ASSOCIATION OF MALOLOS, BULACAN, INC. (FETODAMBI) SA PAGDIRIWANG NITO NG IKA-25 TAONG ANIBERSARYO NG PAGKAKATATAG, GAYUNDIN SA KANILANG NAGING AMBAG SA KATATAGAN AT KAUNLARAN NG SEKTOR NITO SA LUNGSOD NG MALOLOS.**

**ITINAGUYOD NI: KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA,**
**AKDA NINA: KGG. NOEL G. PINEDA, KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KGG. MICHAEL M. AQUINO, KGG. ENRICO C. CAPULE, KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KGG. EMMANUEL R. SACAY, KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KGG. DIONISIO C. MENDOZA AT KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**

**SAPAGKAT,** noong ika-19 ng Mayo taong 1996 ay pinagkaisahang itatag ang Federation of Tricycle Operators and Drivers Association of Malolos, Bulacan, Inc. o FETODAMBI na may layuning pagkaisahin ang tinig ng mga TODA sa Lungsod ng Malolos;

**SAPAGKAT,** pangunahin sa layunin ng FETODAMBI ang pagpapalakas ng sektor ng TODA, sa pamamagitan ng pagsusulong ng mga programang mag-a-angat sa antas ng kabuhayan ng mga namamasadang kasapi nito;

**SAPAGKAT,** sa nakalipas na 25 taon ay naging mabunga ang pagtutulungan, kooperasyon at pagkakapit-bisig ng Pamahalaang Panlungsod at ng pamunuan ng FETODAMBI;

**SAPAGKAT,** pangunahin sa adhikain ng Pamahalaang Panlungsod ng Malolos ang pagsasaayos ng daloy ng trapiko sa Lungsod, gayundin ang pagbabalangkas ng napapanahong sistema ng transportasyon sa pamamagitan ng pagbalangkas ng mga polisiya ukol dito;

**SAPAGKAT,** kinikilala ng Sangguniang Panlungsod at ng Pamahalaang Panlungsod ang mahalagang gampanin at tungkulin ng Fetodambi sa pagsasaayos at sa regulasyon ng mga pampasaherong tricycle at ang mahalagang layunin ng kooperasyon at pagtutulungan ng samahan at ng mga namumuno sa lungsod, upang mapalakas ang sektor na ito at sa ikakatagumpay ng mabuting layuning mai-angat ang antas ng kabuhayan ng mga kasapi ng TODA;

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

**SAPAGKAT**, batay sa Seksyon 16 ng Republic Act No. 7160 o mas kilala sa taguring Kodigo ng Lokal na Pamahalaan ng Pilipinas, na tungkulin ng bawat Pamahalaang Lokal na magtaguyod ng mga programa at proyektong magsusulong ng kagalingang panlipunan panlahat,

Sa kahilingan ni **Kgg. Nino Carlo C. Bautista** na sinang-ayunan ng lahat, ay

**IPINASIYA**, gaya ng dito'y ginagawang pagpapasiya na nagpapaabot ng pinakamaringal na pagbati sa Pamunuan Ng Federation of Tricycle Operators and Drivers Association of Malolos, Bulacan, Inc. (FETODAMBI) sa pagdiriwang nito ng Ika-25 Taong Anibersaryo ng pagkakatatag, gayundin sa kanilang naging ambag sa katatagan at kaunlaran ng sektor nito sa Lungsod ng Malolos.

**PINAGTIBAY.**

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. KIRK LOUIS NICOLAS**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. ENRICO C. CAPULE**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

**KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko, na ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod ay pinagtibay ng Sanggunian.

**CRISTINA R. GUTIERREZ, EnP**
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. NOEL G. PINEDA**
PANG. PUNONG LUNGSOD -Tagapangulo

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*05242021